*Sa ilalim ng embargo, hanggang 00:01 AM GMT Marso 17, 2022*

Co—
Impact

# Inilunsad ng mga lider ang bagong $1bn na Gender Fund upang isulong ang Pandaigdigang Pagkakapantay-pantay at Pamumuno ng Kababaihan

- Ang **Gender Fund ay naglalayong baguhin ang mga sistema upang maging mas makatarungan at ingklusibo ang mga ito,** na tinitiyak na hindi bababa sa 100 milyong tao ang may mas mahusay na pangangalagang pangkalusugan, de-kalidad na edukasyon, at pagkakataong lumago – anuman ang kanilang kasarian, klase, etnisidad, o lahi. Makakamit ito sa pamamagitan ng pagsuporta sa mga organisasyon sa buong Africa, Asya at Latin America upang isulong ang kanilang pananaw para sa pagbabago.

- Ang natatanging potensyal ng Gender Fund ay nagmumula sa pagkakaiba-iba, pamumuno at pakikipagtulungan sa pagitan ng mga tagasuporta, kabilang ang **Cartier Philanthropy, Children's Investment Fund Foundation, The Estée Lauder Companies Charitable Foundation, MacKenzie Scott and Dan Jewett, Melinda French Gates at Bill & Melinda Gates Foundation, The Rockeller Foundation, Roshni Nadar Malhotra, Thankyou Charitable Trust, Target Foundation, Tsitsi Masiyiwa - Delta Philanthropies at iba pa.**

- Ang Fund, na pinapatakbo ng Co-Impact, ay makikinabang mula sa isang world-class na Pangkat sa Pagpapayo - mga eksperto sa mga karapatan ng kababaihan, pananalapi, pagbabago sa lipunan at adbokasiya, kabilang sina **Anita Zaidi, Crystal Simeoni, Elizabeth Yee, Lakshmi Sundaram, Mabel van Oranje, Rebeca Gyumi, Tara Abrahams, Theo Sowa, Vidya Shah at Wanjiru Kamau-Rutenberg.**

**Nairobi, Marso 17, 2022**

Ngayon, ipinagmamalaki ng Co-Impact na opisyal na ilunsad at ibahagi ang lumalaking grupo ng mga kasosyo, tagapondo at tagapayo na nagsasama-sama upang isulong ang modelo ng may pagtutulungang pagbibigay ng organisasyon para sa pagbabago ng sistema.

Ang Gender Fund, na naglalayong makalikom ng US $1bn upang isulong ang pagkakapantay-pantay sa kasarian at pamumuno ng kababaihan, ay pinagkakaisa ang mga pilantropo, foundation, lokal na kasosyo sa programa, tagapayo at pribadong sektor mula sa iba't ibang panig ng mundo.

Kahit na tumataas ang pagpopondo para sa pagkakapantay-pantay sa kasarian sa nakaraang dekada, 1% lamang ng pondong iyon ang nakarating sa mga organisasyon ng kababaihan. Ang Gender Fund ay magdadala ng mahahalagang mapagkukunan sa isang espasyong labis na kulang sa pondo at tutugunan ang "mga sistemang nauugnay sa partikular na kasarian" – ang mga pangunahing pamantayan, batas, gawi, parusa, at proseso ng paggawa ng desisyon na humahantong sa mga hadlang sa sistema at patuloy na diskriminasyon laban sa kababaihan at mga batang babae.

Ang Gender Fund ay magbubukas ng mga landas para sa kababaihan at mga batang babae para gamitin ang kanilang kapangyarihan, ahensiya at pamumuno sa lahat ng antas - mula sa sambahayan at komunidad hanggang sa mga institusyon at gobyerno. Popondohan nito ang mga lokal na kasosyo upang matiyak na gumagana ang mga sistema sa kalusugan, edukasyon, at ekonomiya, at pananagutan nito ang mga sistemang nilalayon nitong paglingkuran.

Ang pangangailangan para sa madaliang pagkilos para sa Fund na ito ay mas mahalaga higit kailanman dahil ipinakita ng pandemyang Covid-19 ang malalalim na katotohanan ng hindi pagkakapantay-pantay sa kasarian at diskriminasyon sa ating mga sistema, institusyon, at lipunan. Patuloy na nahaharap ang kababaihan sa mga malalim na nakaugat na hadlang tulad ng karahasan, limitadong karapatan sa reproduksiyon, diskriminasyon sa trabaho, at hindi pantay na representasyon sa pamumuno.

Sa pagkomento tungkol sa paglulunsad ng Fund, **sinabi ni Olivia Leland, ang Tagapagtatag at CEO ng Co-Impact, na**:

*"Upang umunlad sa pagkakapantay-pantay sa kasarian, kailangan natin ng sistemikong pagbabago sa mga estruktura, batas, at patakaran at proseso ng gobyerno, sa kung paano gumagana ang mga merkado, at kung paano hinuhubog at ipinapatupad ang mga kaugalian sa lipunan.*

*"Ang misyon ng Gender Fund ay ang makapagsagawa sa ambisyon ng isang mundo kung saan ang mga sistema at tao ay makatarungan at ingklusibo, at kung saan ang lahat ng kababaihan ay may pagkakataong isagawa ang kanilang kapangyarihan, kalayaan, at pamumuno sa lahat ng antas."*

Layunin ng Gender Fund na makalikom at makapagbigay ng US $1 bilyon sa susunod na dekada upang mabigyan ang mga lokal na organisasyong pangunahing pinamumunuan ng kababaihan sa Africa, Asya at Latin America ng malaki, pangmatagalan, at flexible na pagpopondo. Hanggang ngayon, ang mga pinansiyal na kontribusyon sa Fund ay may kabuuang higit sa US $320 milyon, at isinasagawa na ang paggawa ng gawad sa tatlong rehiyon.

**Sinabi ni Melinda French Gates, ang pandaigdigang tagapagtaguyod para sa kababaihan at mga batang babae at ang Co-Founder ng Bill & Melinda Gates Foundation,** na:

"*Sa pakikipagtulungan sa Co-Impact, natukoy namin ang mga programang tumutugon sa mga hadlang, na pinipigilan ang kababaihan mula sa pag-abot ng kanilang buong potensyal bilang mga lider.*

*"Kailangan nating mangyari ang pagbabago sa bawat antas ng lipunan. At nagsisimula ito sa pagbubukas ng mas maraming pagkakataon para sa kababaihan na magkaroon ng kapangyarihan at gumawa ng mga patakarang nagpapasigla sa iba na katulad nila. Ito ang ating minsan sa isang henerasyong pagkakataon na muling itayo ang ating mga sistema upang sa wakas ay gumana ang mga ito para sa kababaihan at mga batang babae.*"

Ang Co-Impact ay nakatuon sa pagpapataas ng pangkalahatang pagpopondo na nakadirekta sa pagsulong ng pagkakapantay-pantay sa kasarian. Habang nakikipagtulungan sa mga organisasyon para sa karapatan ng kababaihan at organisasyon ng mga karaniwang tao, ang mga peministang network at tagapondo ang susi sa pagsira sa mga dinamiko ng kapangyarihan at pagsulong ng pagkakapantay-

pantay sa kasarian. Ang Co-Impact ay magbibigay ng hindi bababa sa 10% ng pondong nalikom sa mga grupo at kilusang peminista at para sa mga karapatan ng kababaihan.

**Sinabi ni Tsitsi Masiyiwa, na isang Pilantropo at negosyanteng layon lumutas ng problema sa lipunan,** na:

*"Walang 'natatanging' interbensyon, organisasyon, o solusyon na maaaring tugunan ang bawat hadlang na pumipigil sa kababaihan na mamuhay nang pantay-pantay at makabuluhan.*

*"Ang hindi pagkakapantay-pantay sa kasarian ay umiiral at naiiba sa bawat bansa, sektor, at lipunan sa buong mundo. Ang ideya ay ang bawat bahagi ng mas malawak na ecosystem ay may tungkuling dapat gampanan at samakatuwid ay kwalipikado para sa suporta ng Gender Fund."*

Magagamit ang hanay ng mga gawad para sa isang malawak na ecosystem ng mga kumikilos upang isulong ang pagkakapantay-pantay sa kasarian at pamumuno ng kababaihan sa pamamagitan ng mga kongkretong aksyon. Susuportahan din ng Co-Impact ang mga organisasyon upang buuin, piliin, at ipalaganap ang pananaliksik at pag-aaral kung paano isulong ang pagkakapantay-pantay sa kasarian.
Nagsimulang maghanap at maggawad ang Fund ng inisyal na set ng 15 gawad para sa mga inisyatiba sa pagtugon sa malalaking hadlang sa pagkakapantay-pantay sa kasarian. Kabilang dito ang karahasang nakabatay sa kasarian, kalusugan sa pagbubuntis, edukasyong ingklusibo sa kasarian at pamumuno ng kababaihan sa tatlong rehiyon.

Sa susunod na dekada, layunin ng Co-Impact na palaguin ang Gender Fund at suportahan ang mga inisyatiba sa 13 bansang pinagtutuunan ng pansin, kabilang ang India, Indonesia, Sri Lanka, Pilipinas, South Africa, Kenya, Ghana, Senegal, Nigeria, Côte d'Ivoire, Brazil, Peru, at Mexico.

-KATAPUSAN-

**Mga Tala sa Mga Editor**

Buong listahan ng mga inisyal na inisyatibang sinusuportahan:

- ARMMAN
- Asia Justice Coalition/ BRAC
- Breakthrough Trust
- Clooney Foundation for Justice
- Equis Justicia para las Mujeres AC
- GQUAL/CEJIL
- Indian Institute of Technology
- Institute for African Women in Law
- International Association of Women Judges
- International Women's Right Action Watch Asia Pacific
- National Council of Applied Economic Research
- Nossas
- Partnership For Economic Policy Inc
- Professional Assistance for Development Action
- Red ALAS/Universidad Torcuato di Tella

**Tungkol sa Co-Impact**
Itinatag noong 2017, ang Co-Impact ay isang pandaigdigang organisasyong nakatuon sa pagbuo ng mga makatarungan at magkakapantay na sistema. Ang pagsasama-sama ng mga kasosyong pilantropo, foundation, at pribadong sektor mula sa iba't ibang panig ng mundo upang magbigay ng pondong sumusuporta sa mga pagsisikap na hikayatin ang pagbabago sa mga sistema sa mga sektor ng kalusugan, edukasyon, at pang-ekonomiyang oportunidad, sa Africa, Asya, at Latin America. Kasama ang mga lokal na kasosyo sa negosyo at tagapayo, ang Co-Impact ay bumuo ng isang pandaigdigang pakikipagtulungan na isinusulong ang ingklusibong pagbabago sa sistema, pagkakapantay-pantay sa kasarian, at pamumuno ng kababaihan sa pamamagitan ng paggawa ng gawad at pag-impluwensiya sa pagkakawanggawa.

Naniniwala ang Co-Impact na ang kapangyarihan ay nasa sentro ng lahat ng sistema. Ang kapangyarihan ay nagbibigay-kahulugan sa paraan kung paano gumagana ang mga sistema, sino ang nagtatakda ng mga agenda at gumagawa ng mga desisyon, sino ang nakikinabang sa sistema, at kung paano ibinabahagi ang mga benepisyong ito. Sa karamihan ng mga sistema sa kalusugan, edukasyon, at ekonomiya, ang kapangyarihang ito ay hindi magkakapantay na ibinabahagi upang makinabang ang ilan.

Nauunawaan ng mga kasosyo sa programa ng Co-Impact ang konteksto at mga pamamaraang kinakailangan upang ilipat ang mga lever ng kapangyarihan upang makikinabang ang lahat ng tao sa mga sistema nang pantay-pantay. Ang magkakaibang team ng organisasyon ay matatagpuan sa 7 bansa sa 4 na kontinente, kung saan sinusuportahan nila ang mga makapangyarihang koalisyon ng mga kumikilos - mula sa mga organisasyon ng katutubo hanggang sa mga gobyerno - upang magkatuwang na maapektuhan ang makabuluhan at napapanatiling pagbabago sa mga sistema.

**Tungkol sa Gender Fund**
Inilunsad noong 17 Marso 2022, ang Gender Fund ay naglalayong makalikom at magpalaganap ng $1 bilyon sa susunod na 10 taon para:

- Baguhin ang mga sistema upang maging mas makatarungan at ingklusibo ang mga ito, para magkaroon ang 100 milyong tao ng mas mahusay na pangangalagang pangkalusugan, de-kalidad na edukasyon, at pagkakataong lumago –anuman ang kasarian, etnisidad, o lahi.
- Isulong ang kapangyarihan, ahensiya, at pamumuno ng kababaihan sa lahat ng antas upang magkaroon ng mas maraming kababaihang namumuno sa lahat ng antas mula sa sambahayan at komunidad, hanggang sa mga institusyon at pamahalaan, na nakakaapekto sa kanilang mga komunidad at lipunan.
- Baguhin ang masasamang kaugalian sa kasarian na pumipigil sa pag-unlad.

Ang konsepto para sa bagong Fund ay ipinaalam sa pamamagitan ng pag-aaral sa nakalipas na tatlong taon, pakikipagtulungan sa mga kasosyo sa programa, practitioner, tagapondo, gobyerno, organisasyon sa lipunang sibil, mananaliksik, eksperto sa kasarian, at iba pa, pati na rin ng isang malawak na proseso ng konsultasyon kabilang ang mga grupo ng kababaihan, pondong nakatuon sa pagkakapantay-pantay sa kasarian, at peministang aktibista at iskolar, partikular na mula sa Global South. Ang inisyal na grupo ng mga pilantropo at foundation na nagsasama-sama upang gawin itong posible ay nakalista sa ibaba.

Buong listahan ng Mga Tagapondo na sa ngayon ay sumang-ayong makilala

- Cartier Philanthropy
- Children's Investment Fund Foundation

- Trevor and Mayda Mapondera/Catalyst Foundation -SHE Project Zimbabwe
- Estee Lauder Companies Charitable Foundation
- Melinda French Gates and the Bill & Melinda Gates Foundation
- Vijay and Marie Goradia Foundation
- Instituto Beja
- Kate James and Hans Bishop
- La Alataya Foundation
- Neverl and Beryl Kambasha/ BeeNev Kambasha Foundation
- Roshni Nadar Malhotra/ HCL Corporation
- Tsitsi Masiyiwa and Delta Philanthropies
- Muirfield Foundation
- Elizabeth Sheehan
- MacKenzie Scott & Dan Jewett
- Target Foundation
- Thankyou Charitable Trust
- The Rockefeller Foundation

Ang Co-Impact ay nasisiyahang makipagtulungan kay Tsitsisi Masiyiwa at sa African Philanthropy Forum upang pagsama-samahin ang isang grupo ng mga pilantropo mula sa buong Africa, at kay Vidya Shah at EdelGive Foundation sa isang katulad na modelo upang suportahan ang gawaing ito sa India.

**Mga contact ng media**

Para sa mga tanong ng media, mangyaring makipag-ugnayan kay/sa:

Renee Olende
media@co-impact.org

BB-Partners
Co-Impact@bbpartners.co.uk